# Ako at Si Oyasama

7, 8 na taon ang nakakalipas, ako ay naliligaw ng landas at laging nagdudulot ng problema sa aking pamilya at sa mga tao sa aking paligid. Sinasagot ko ang aking magulang tuwing ako ay pinapayuhan at hindi ko sila pinapakinggan. Napapaaway din ako sa aking mga nakakatandang kapatid. Dahil dito, napalayo ang aking loob sa aking pamilya at kamag-anak, at ako ay lalong napabarkada.

Ang alam kong una kong naramdaman Si Oyasama ay noong kinausap ako ng aking tito na nakatira sa Japan, at tinanong ako kung gusto ko pumunta ng Japan. Dahil pangarap ko din makapunta sa Japan dahil malaki ang interes ko sa mga bagay-bagay na nasa Japan tulad na lamang ng *anime*, *manga* at iba pa.

Sinabi sa akin na kung gusto ko makapunta ng Japan ay dapat akong magsumikap at pumunta ng Philippine Mission Center kada unang linggo buwan-buwan. Dahil sa kagustuhan ko makapunta ng Japan, ako nagsikap sa pumunta Mission Center kahit inaabot pa ito ng 6-7 oras ng biyahe. Ito ay inabot ng 2 taon, at sa loob ng dalawang taon na ito ako ay laging ligtas na nakakarating ng Mission Center at nakakauwi sa aming bahay kahit na alam kong delikado sa lungsod. Hindi ko alam kung bakit, pero wala pa akong alam sa Tenrikyo sa mga panahon na iyon, ang aking kagustuhan lamang ay makapunta sa Japan.

Makalipas ang ilan buwan pabalik-balik sa Mission Center, inimbitahan akong mag-apply sa TLI upang mag-aral ng Japanese Language. At dahil wala akong kaalaman sa Tenrikyo o kung ano ang gagawin, ako ay hindi agad natanggap at napunta sa *waiting list* – ito ay ang listahan ng mga estudyante na maaaring matanggap kapag may mga umatras o hindi tumuloy sa TLI. At dahil naisip kong hindi na ako matutuloy, ako ay nagdesisyon manirahan sa lungsod at magtrabaho upang mas mapadali ang pagbyahe ko papunta sa Mission Center.

At pagkalipas ng 3 buwan pagsisikap sa trabaho at pagpunta sa Mission Center, bigla akong pinadalhan ng SMS ni Rev. Yamagishi, ang Mission Center Head, at inalok kung ninanais ko bang pumunta na Japan. Nagulat at naguluhan ako, at hindi agad nakasagot dahil kagagaling ko lang sa aking trabaho, pagod at inaantok, kaya pinabayaan ko muna ito at natulog. Habang natutulog ako, tinawagan ako ni Rev. Yamagishi at tinanong kung

tutuloy ba ako o hindi, kahit medyo inaantok pa ako, ang naisagot ko na lamang ay “Opo, tutuloy po ako. Maraming salamat po!” at ako ay sinabihan ihanda ang dapat ihanda kaya dapat kaming magkita kaagad-agad.

Ngayon, naisip ko, ito ba ay dahil sa kagustuhan ng Diyos Magulang kaya ako ay natuloy sa Japan? Dahil ba wala akong kaalaman sa Tenrikyo kaya ako tinawag ng Diyos Magulang? O dahil ba may nagawa akong ikinatuwa ng Diyos Magulang? Hanggang ngayon hindi ko pa rin ang kasagutan ngunit ang pagkakatanda ko, may pangarap akong makatulong sa iba. Siguro ito na iyong pagkakataon ko makatulong sa iba, ang maging Yoboku at magsagawa ng *Osazuke* o pagtulong.

Sa paglagi ko dito ng apat na taon, madami akong naramdaman at napagtanto. Naramdaman ko ang kahalagahan ng pamilya, kaibigan, tao at bagay. Napagtanto ko rin kung ano aking tunay na problema kung bakit ako nagkaganito. Ang ating katawan ay bagay na hiram at bigay na pinahiram, at ang puso lamang ang sariling atin. At sa maling paggamit ng ating puso, ito ay nagdudulot na hindi maganda sa ating katawan at sa ating paligid. Ang aking naging problema ay pakikitungo sa ibang tao. Lagi akong nakikipagdebate kapag nakikipag-usap, ayaw magpatalo at laging gustong manalo. Dahil gusto kong ipaalam na ako ay mas maalama at mas matalino. Ito ay kayabangan, kataasan ng puso. Ito ang nagiging dahilan kaya hindi ako marunong makitungo sa iba. Kaya ngayon, sisikapin kong ibaba ang aking puso at makipag-usap sa iba. Alam kong ito ay magiging mahirap sa akin, pero hindi ako susuko, dahil alam kong laging nasa tabi ko Si Oyasama, laging handang tumulong sa oras ng problema.

Pagkabalik ko sa aking bansa, sisikapin kong ipaalam sa lahat kung ano ang mga turo ni Oyasama kung gaano kahalaga ang pakikitungo sa iba. At gagamitin ko lahat ng aking napag-aral at sisikapin ko silang gabayan hanggang bumalik sila sa Jiba.